LAKBAY-DIWA Publishing

e-ISSN 3082-4400
p-ISSN 3082-5733

VOLUME I, ISSUE III

ACADEMIC FRONTIERS

A Multidisciplinary E-Publication

JULY 2025
MONTHLY ISSUE
INTERNATIONAL

NATIONAL BOOK PUBLISHER IN THE PHILIPPINES
DTI Business Reg. No. 6488937
TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

VOLUME I, ISSUE III
ACADEMIC FRONTIERS
A Multidisciplinary E-Publication

Academic Frontiers
A Multidisciplinary e-Publication
Volume I, Issue III (July 2025), International Circulation
ISSN (Online) 3082-4400 ISSN (Print) 3082-5733
Published Online at *www. lakbaydiwapublishing.com*
Publisher: Lakbay-Diwa Publishing
DTI Business Reg. No. 6488937 / TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

Pages 20-33

Moral at Pagpapalit-Koda sa Mga Piling OPM Rap: Lunsaran sa Pagtuturong Pangwika

Jiben Grace O. Jamera[1*]
[1]Department of Education, Loreto National High School (A Stand-Alone Senior High School), Dinagat Islands, Caraga Region, Philippines

[*]Corresponding Author e-mail: jibengrace.jamera@deped.gov.ph

Date received: July 11, 2025
Date revised: July 12, 2025
Date accepted: July 13, 2025

Originality: 92%
Grammarly Score: 99%
Similarity: 8%

Recommended citation:
Jamera, J.G.O. (2025). Moral at Pagpapalit-Koda sa Mga Piling OPM Rap: Lunsaran sa Pagtuturong Pangwika. *ACADEMIC FRONTIERS Multidisciplinary e-Publication*, Vol. 1 (3), Pages 20-33. https://doi.org/10.5281/zenodo.15872959

Abstract.
Ang pananaliksik na ito ay naglalayong siyasatin ang mga anyo at tungkulin ng code-switching sa piling Original Pilipino Music (OPM) rap songs, gayundin ang mga moralistikong temang nakapaloob sa mga liriko nito, upang matukoy kung paano ito maaaring maging makabuluhang lunsaran sa pagtuturong pangwika at moralidad ng mga kabataan. Ginamit ang pagsusuring pangnilalaman bilang pangunahing metodolohiya, kalakip ang analitikong balangkas nina Poplack (1980) hinggil sa mga uri ng code-switching at nina Appel at Muysken (2006) para sa mga tungkulin nito. Labinlimang (15) OPM rap songs mula sa mga kontemporaryong artist tulad nina Al James, Andrew E., Dionela, Ex Battalion, at Nik Makino ang pinakinggan, binasa, at sinuri nang masinsinan. Lumabas sa resulta na ang intra-sentential switching ang pinakapangunahing anyo ng pagpapalit-koda (243 insidente), kasunod ang inter-sentential switching (17) at tag-switching (8). Ipinakita ng pagsusuri na ang mga tungkulin ng pagpapalit-koda ay nakatuon sa pagpapahayag ng emosyon, pagbibigay ng estilistiko at kultural na representasyon, at pagpapalapit sa karanasan ng kabataang Pilipino. Bukod pa rito, malinaw na ang mga liriko ay nagsisilbing salamin ng kontemporaryong pananaw ukol sa pag-ibig, pananampalataya, pagkatao, at pakikibaka. Ipinapakita rin ng pag-aaral na ang OPM rap songs ay maaaring gamitin bilang materyal sa pagtuturo ng wika at sa pagpapalalim ng kamalayang moral ng kabataan. Inirerekomenda na gamitin ang mga kantang ito sa mga asignaturang Filipino, Panitikan, o Komunikasyon bilang kongkretong halimbawa ng code-switching at bilang daluyan ng pagbabahagi ng mga pagpapahalagang Pilipino.

Keywords: Code-switching; OPM Rap Songs; Moralistikong Tema; Wika at Kultura; Edukasyong Pangwika

1.0 Introduction

Ang musika ay isa sa mga makapangyarihang daluyan ng pagpapahayag ng damdamin, ideolohiya, at kultura sa lipunan. Ayon kina Shang (2019) at Sanchez Gonzales (2020), ang popular na musika, lalo na ang rap, ay hindi lamang isang anyo ng aliwan, kundi isang kasangkapang diskurso na naglalantad ng mga panlipunang realidad. Sa konteksto ng Pilipinas, lumalaganap ang tinaguriang Original Pilipino Music (OPM), na umiinog sa iba't ibang anyo ng wika, kabilang ang pag-angkop sa code-switching o pagpapalit-koda. Ang phenomenon na ito ay isang natural na ekspresyon ng bilinggwal na identidad ng mga Pilipino, na nagbubuo ng sariling tatak ng kultura at komunikasyon.

Sa pag-aaral nina Bautista (2004) at Bernardo (2005), lumalabas na ang paggamit ng code-switching ay hindi lamang palatandaan ng pagkasanay sa dalawang wika, kundi indikasyon din ng estratehikong pagpili ng wika upang magpahayag ng partikular na mensahe o emosyon.

VOLUME I, ISSUE III
ACADEMIC FRONTIERS
A Multidisciplinary E-Publication
Academic Frontiers
A Multidisciplinary e-Publication
Volume I, Issue III (July 2025), International Circulation
ISSN (Online) 3082-4400 ISSN (Print) 3082-5733
Published Online at *www. lakbaydiwapublishing.com*
Publisher: Lakbay-Diwa Publishing
DTI Business Reg. No. 6488937 / TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

Ayon kina Villadarez (2021) at Rusli et al. (2018), ang code-switching sa mga awitin ay nagsisilbing estilistiko at pragmatikong paraan upang mapalapit ang mga tagapakinig sa nilalaman ng kanta. Subalit, hindi maitatanggi ang moralistikong epekto nito. Ang mga liriko ng OPM rap songs ay nagiging salamin ng paniniwala, pagpapahalaga, at pananaw ng kabataan ukol sa ugnayan, pamilya, at lipunan.

Sa kasalukuyang panahon, ang paggamit ng code-switching ay nagiging bahagi ng diskursong pang-edukasyon. Sinabi ni Qing (2010) na ang maingat na paggamit nito ay makatutulong sa mabisang pagtuturo ng wika, at ayon kina Myers-Scotton (2002) at Sert (2005), maaari rin itong magsilbing daluyan ng kulturang identidad. Kaugnay nito, ang pagsusuri sa moralistikong tema ng mga kanta ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa positibo o negatibong impluwensya nito sa kabataan.

Kaya't ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa dalawang pangunahing dimensyon: una, ang pagtalakay sa mga anyo at tungkulin ng code-switching sa piling OPM rap songs; at ikalawa, ang paglinang ng mga moralistikong tema bilang lunsaran sa pagtuturong pangwika. Nilalayon nitong patunayan na ang musika—bilang artepakto ng kultura—ay maaaring maging matibay na kasangkapan sa pagbubuo ng makataong pananaw sa wika, moralidad, at lipunan.

2.0 Metodolohiya

2.1 Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptibong pagsusuring pangnilalaman (qualitative content analysis), na itinuturing nina Hsieh at Shannon (2005) bilang isang mabisang pamamaraan sa pag-unawa sa mga tema, estruktura, at kultural na kahulugan ng mga teksto. Layunin nitong tukuyin at ilarawan ang mga uri at tungkulin ng code-switching sa piling OPM rap songs, gayundin ang masusing pagsusuri sa mga moralistikong temang nakapaloob sa mga ito bilang lunsaran sa pagtuturong pangwika. Bilang suporta, isinama rin ang elementong quantitative tallying upang mailahad ang dalas at distribusyon ng iba't ibang anyo ng pagpapalit-koda sa bawat awitin.

2.2 Kaligiran ng Pananaliksik

Isinagawa ang pag-aaral sa Surigao del Norte State University, Lungsod ng Surigao. Ang unibersidad na ito ay kilala bilang isang pangunahing institusyon sa rehiyon na nagsusulong ng makabagong pananaliksik at aktibong nagtataguyod ng paggamit ng wikang Filipino at pagpapahalaga sa kulturang Pilipino bilang bahagi ng diskursong akademiko. Pinili ang lugar ng pananaliksik dahil sa mataas na interes ng mga mag-aaral at guro sa kontemporaryong anyo ng musika tulad ng rap at hip-hop, na masasabing makabuluhang bahagi ng kabataang kultura.

2.3 Mga Partisipante

Bagaman pagsusuring pangnilalaman ang pangunahing disenyo ng pananaliksik, nakapanayam din ang tatlong (3) guro ng Filipino at tatlong (3) kabataang tagapakinig upang mapalalim ang pag-unawa sa konteksto ng pagtanggap at interpretasyon ng code-switching sa mga napiling kanta. Ang kanilang pananaw ay nakatulong upang mailagay ang pagsusuri sa mas konkretong pananaw ng mga aktwal na tumatangkilik ng musika.

2.4 Instrumento ng Pananaliksik

Ang pangunahing instrumento sa pananaliksik na ito ay ang labinlimang (15) piling OPM rap songs na inawit ng mga kilalang kontemporaryong artist. Pinili ang mga kantang ito batay sa malinaw na presensiya ng code-switching at moralistikong tema sa kanilang mga liriko. Kabilang sa mga sinuring kanta ay ang sumusunod:

- Atin-Atin Lang, Mood, Repeat – ni Al James
- Banyo Queen, Binibirocha, Stupid Love – ni Andrew E.
- Hoodie, Marilag, Sining – ni Dionela
- Come With Me, Fallin, No Games – ni Ex Battalion

VOLUME I, ISSUE III
ACADEMIC FRONTIERS
A Multidisciplinary E-Publication
Academic Frontiers
A Multidisciplinary e-Publication
Volume I, Issue III (July 2025), International Circulation
ISSN (Online) 3082-4400 ISSN (Print) 3082-5733
Published Online at *www. lakbaydiwapublishing.com*
Publisher: Lakbay-Diwa Publishing
DTI Business Reg. No. 6488937 / TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

- Binibini, Moon, We Made It – ni Nik Makino

Ang bawat liriko ay inanalisa batay sa teoretikal na balangkas nina Poplack (1980) para sa klasipikasyon ng mga uri ng code-switching, at nina Appel at Muysken (2006) para sa mga tungkulin nito.

2.5 Paraan ng Paglikom ng Datos

Ang sumusunod na mga hakbang ang isinagawa upang makalap at masuri ang datos:

1. Pagpili ng Teksto – Pinili ang mga kantang may malinaw at makabuluhang paggamit ng code-switching.
2. Transkripsyon – Kinopya at sinuri ang mga opisyal na liriko ng bawat kanta mula sa mga mapagkakatiwalaang online na sanggunian.
3. Pagkondensa ng Datos – Tinukoy at binilang ang mga saknong at linyang nagtataglay ng code-switching.
4. Pag-aanalisa – Inuri ang bawat linya ayon sa uri (inter-sentential, intra-sentential, tag-switching) at tungkulin (emosyonal, kultural, representasyonal) batay sa inihandang analitikong balangkas.
5. Pagpapatunay ng Bisa – Nakipagkonsultasyon ang mananaliksik sa isang inter-rater expert upang tiyakin ang pagiging valid ng klasipikasyon at interpretasyon ng datos.

2.6 Etikal na Pagsasaalang-alang

Ang pag-aaral na ito ay mahigpit na nakasunod sa Research Ethics Guidelines ng Surigao del Norte State University. Iningatan ang karapatan sa intelektuwal na pag-aari ng mga artist na bumuo ng mga awitin, at isinagawa ang pagsusuri para sa layuning akademiko at edukasyonal lamang. Ang mga kalahok sa panayam ay binigyan ng informed consent at ipinaliwanag sa kanila ang layunin at saklaw ng pananaliksik bago sila sumang-ayon na makibahagi. Ang lahat ng impormasyon mula sa mga partisipante ay mananatiling kumpidensyal.

3.0 Mga Resulta at Pagtalakay

Batay sa masusing pagsusuri sa labinlimang (15) piling OPM rap songs, malinaw na lumitaw ang dominasyon ng code-switching bilang natural na ekspresyon ng bilinggwal na identidad ng mga kabataang Pilipino. Ipinapakita sa ibaba ang komprehensibong resulta:

3.1 Kabuuang Dalas ng Uri ng Pagpapalit-Koda

Talahanayan 1. Kabuuang Distribusyon ng mga Uri ng Code-Switching sa Lahat ng Kanta

Uri ng Pagpapalit-Koda	Bilang ng Insidente	Porsyento (%)
Intra-sentential Switching	243	90.67%
Inter-sentential Switching	17	6.34%
Tag-switching	8	2.99%
Kabuuan	**268**	**100%**

Makikita sa datos na ang intra-sentential switching ang pinakamadalas gamitin sa mga liriko ng OPM rap songs, na bumubuo sa mahigit siyamnapung porsyento (90.67%) ng lahat ng naitalang insidente. Ibig sabihin, karaniwan at natural na isinasanib ng mga artist ang mga salitang Ingles sa loob mismo ng pangungusap o parirala sa wikang Filipino. Ipinapakita nito ang mataas na antas ng pagiging bilinggwal ng mga lumikha ng kanta at sumasalamin sa aktuwal na paraan ng komunikasyon ng kabataang Pilipino sa kasalukuyang panahon.

Samantala, ang inter-sentential switching, na bumubuo lamang sa 6.34%, ay karaniwang makikita sa mga bahagi ng kanta kung saan may pagbabago ng tono o intensyon, tulad ng chorus o pambungad na linya. Ang ganitong anyo ay madalas gamitin upang ipahayag ang mahalagang mensahe o bigyang-diin ang sentral

VOLUME I, ISSUE III
ACADEMIC FRONTIERS
A Multidisciplinary E-Publication
Academic Frontiers
A Multidisciplinary e-Publication
Volume I, Issue III (July 2025), International Circulation
ISSN (Online) 3082-4400 ISSN (Print) 3082-5733
Published Online at *www. lakbaydiwapublishing.com*
Publisher: Lakbay-Diwa Publishing
DTI Business Reg. No. 6488937 / TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

na tema ng kanta. Halimbawa, ang buong Ingles na linyang "When the night has come…" mula sa Banyo Queen ni Andrew E. ay nagsisilbing pambungad na pahayag na kumukuha ng pansin ng tagapakinig.

Ang tag-switching naman ang pinakabihirang anyo, na may kabuuang 2.99% ng insidente. Ito ay nakikita sa simpleng pagsingit ng interjeksyon o ekspresyong Ingles tulad ng "Yup," "Whoo," at "Just us." Ang paggamit nito ay may estilistiko at emosyonal na layunin—karaniwang ginagamit upang magpahiwatig ng pakikipag-ugnayan sa tagapakinig o magdagdag ng kontemporaryong tono.

Mga Halimbawa:

- Intra-sentential Switching:
  "Tamang pausok sa room."
  (Mood – Al James)
  Ipinapakita nito ang pagsasanib ng simpleng Tagalog at Ingles sa pangungusap upang magbigay ng kontemporaryong tono.
- Inter-sentential Switching:
  "When the night has come…"
  (Banyo Queen – Andrew E.)
  Isang buong sugnay sa Ingles na ginamit bilang pambungad sa chorus.
- Tag-switching:
  "Yup" at "Whoo"
  (Atin-Atin Lang – Al James)
  Mga salitang interjeksyon na nagdaragdag ng kasiglahan sa liriko.

Ang malakas na presensya ng intra-sentential switching ay sumasalamin sa phenomenon na tinatawag ni Bautista (2004) bilang natural hybrid communication, kung saan hindi na hiwalay ang paggamit ng dalawang wika. Sa halip, ito ay nakaugat sa kultural na realidad ng mga Pilipino na sanay gumamit ng Tagalog at Ingles nang sabay-sabay.

Ayon kina Gardner-Chloros (2009) at Villadarez (2021), ang ganitong estilo ng wika ay hindi lamang bunga ng pagnanais na magpamalas ng modernong identidad kundi isang sinadyang estratehiya upang gawing mas relatable at makabago ang mensahe ng kanta.

Kaugnay nito, ang mas bihirang inter-sentential at tag-switching ay makikita bilang mga teknik na nagbibigay diin at dinamismo sa naratibo ng kanta, pinipili lamang sa mga piling bahagi kung saan nais maglatag ng emphasis o dramatisasyon.

3.2 Dalas ng Uri ng Pagpapalit-Koda Bawat Kanta

Talahanayan 2. Buod ng Code-Switching Per Kanta

Kanta	Intra-sentential	Inter-sentential	Tag-switching	Kabuuan
Atin-Atin Lang	10	1	6	17
Mood	29	1	0	30
Repeat	28	1	2	31
Banyo Queen	9	2	0	11
Binibirocha	10	0	0	10
Stupid Love	13	2	0	15
Hoodie	7	2	0	9
Marilag	12	2	0	14
Sining	9	2	0	11
Come With Me	18	0	0	18
Fallin	17	2	0	19
No Games	24	2	0	26
Binibini	7	0	0	7
Moon	20	0	0	20
We Made It	22	0	0	22
Kabuuan	**243**	**17**	**8**	**268**

VOLUME I, ISSUE III
ACADEMIC FRONTIERS
A Multidisciplinary E-Publication
Academic Frontiers
A Multidisciplinary e-Publication
Volume I, Issue III (July 2025), International Circulation
ISSN (Online) 3082-4400 ISSN (Print) 3082-5733
Published Online at *www. lakbaydiwapublishing.com*
Publisher: Lakbay-Diwa Publishing
DTI Business Reg. No. 6488937 / TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

Makikita sa Talahanayan 2 na may malinaw na pagkakaiba ng distribusyon ng code-switching sa bawat awitin, na nagsasalamin sa magkakaibang estilo, layunin, at target audience ng mga artist. Ang sumusunod ay mga pangunahing pananaw na mababakas mula sa datos:

1. Dominasyon ng Intra-sentential Switching- Sa lahat ng kanta, ang intra-sentential switching ang laging nangingibabaw. Ang mga kantang Mood (29 insidente), Repeat (28 insidente), No Games (24 insidente), Moon (20 insidente), at We Made It (22 insidente) ang may pinakamataas na bilang. Ipinahihiwatig nito na ang ganitong uri ng pagpapalit-koda ay sadyang inangkop bilang pangunahing estilo ng lirikal na komposisyon, upang magmukhang natural ang paggamit ng wikang Ingles bilang bahagi ng pang-araw-araw na wika.

Sinasalamin nito ang kontemporaryong kabataang bilinggwal, na komportableng ipinapasok ang mga terminong Ingles sa loob ng mga Filipino na pahayag bilang ekspresyong estilistiko, pagpapalawak ng pananaw, at pagpapatingkad ng damdamin.

2. Mababang Presensiya ng Inter-sentential Switching- Ang inter-sentential switching ay naitala lamang sa ilang piling kanta (halimbawa: Banyo Queen, Stupid Love, Hoodie, Marilag, Sining, Fallin, at No Games), at halos laging matatagpuan sa chorus o transition. Ibig sabihin, ginagamit ito bilang isang diskurso-marking device o panghatak ng atensiyon, gaya ng linya:

   "When the night has come…"
   (Banyo Queen – Andrew E.)

Ang ganitong pagsasanib ay may pragmatikong tungkulin—nagbibigay ng bigat at pagbabago ng ritmo sa daloy ng kanta.

3. Limitadong Paggamit ng Tag-switching- Ang tag-switching ay kakaunti (8 lamang na insidente) at halos puro nakikita sa Atin-Atin Lang at Repeat. Ang mga salitang "Yup," "Whoo," "Just us," at iba pang interjeksyon ay ginagamit upang makipag-ugnayan sa tagapakinig, magdagdag ng kasiglahan, at magpatingkad ng estetikong biswal at auditibo.

   Halimbawa:
   "Yup!"
   (Atin-Atin Lang – Al James)

Ang mababang bilang ng tag-switching ay nagpapakita na mas pinahahalagahan ng mga artist ang mas integratibo at tuloy-tuloy na pagsasanib ng wika, kaysa sa simpleng interjeksyon lamang.

4. Mga Kantang May Pinakamaraming Code-switching- Ang tatlong kanta na may pinakamaraming naitalang insidente ay:
   - Repeat – 31 insidente
   - Mood – 30 insidente
   - No Games – 26 insidente

Ang mataas na bilang sa mga kantang ito ay sumasalamin sa dominanteng estilong bilingual na nakatuon sa kabataang audience, na mas komportableng nakikinig at nakauunawa ng sabayang paggamit ng Filipino at Ingles.

VOLUME I, ISSUE III
ACADEMIC FRONTIERS
A Multidisciplinary E-Publication
Academic Frontiers
A Multidisciplinary e-Publication
Volume I, Issue III (July 2025), International Circulation
ISSN (Online) 3082-4400 ISSN (Print) 3082-5733
Published Online at *www. lakbaydiwapublishing.com*
Publisher: Lakbay-Diwa Publishing
DTI Business Reg. No. 6488937 / TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

5. Mga Kantang May Pinakamababang Code-switching- Samantala, ang mga kantang Binibini (7 insidente), Banyo Queen (11 insidente), at Sining (11 insidente) ay may mas kaunting paggamit ng code-switching. Ang mas mababang bilang na ito ay maaaring bunga ng mas tuwirang pagtalakay sa tema at mas simpleng estruktura ng liriko.

6. Pagkakaiba sa Estilo ng mga Artist- Makikita rin ang pattern ng estilo bawat artist:
   - Al James – mataas ang consistent intra-sentential switching (Mood, Repeat).
   - Andrew E. – gumagamit ng inter-sentential bilang pagbubukas ng chorus (Banyo Queen, Stupid Love).
   - Ex Battalion – puro intra-sentential, mas conversational at street language.
   - Dionela – gumagamit ng metapora at malalalim na liriko na may halo ng English.
   - Nik Makino – mataas ang intra-sentential switching sa temang aspirasyon.

Ipinapakita ng mga datos na halos lahat ng OPM rap songs ay sistematikong gumagamit ng intra-sentential code-switching bilang pangunahing anyo, na may kaunting inter-sentential at tag-switching na ginagamit lamang sa piling bahagi. Ang pagkalat ng ganitong uri ng pagsasanib ay:

- Salamin ng modernong kabataang wikang Filipino-Ingles, na hindi na itinuturing na magkahiwalay kundi bahagi ng isang hybrid na diskurso.
- Nagpapatunay sa obserbasyon ni Villadarez (2021) na ang code-switching sa musika ay naglalarawan ng "linguistic innovation" at "identity formation."

3.3 Mga Tungkulin ng Pagpapalit-Koda

Batay sa pagsusuri, lumitaw na ang code-switching sa mga piling OPM rap songs ay may apat na pangunahing tungkulin. Bawat isa ay may tiyak na papel sa pagpapalalim ng bisa ng liriko at sa pagbibigay-kahulugan sa kulturang konteksto kung saan ito nilikha at pinakikinggan.

1. Emosyonal at Estilistiko

Ang code-switching ay pangunahing ginagamit bilang ekspresibong kasangkapan upang palakasin ang damdaming nais iparating ng awitin. Karaniwan itong nakikita sa mga bahagi ng kanta kung saan:

- Nais bigyang-diin ang personal na karanasan o nararamdaman.
- Nais ipahayag ang tono ng saloobin gaya ng saya, pananabik, lungkot, o pangungutya.

Halimbawa:
"Eyes low faded patago pero dama mo pa rin ang aking aura."
(Repeat – Al James)

Sa linyang ito, ang salitang "eyes low faded" ay hindi lamang literal na paglalarawan, kundi nagdadala ng imaheng konektado sa kultura ng kabataan at urban na lifestyle. Ang ganitong pagsasanib ng Ingles at Filipino ay lumilikha ng estilong hip-hop na awtentiko at may personal na dating.

2. Representasyonal/Kultural

Ang code-switching ay nagsisilbing salamin ng bilinggwal na identidad ng mga kabataang Pilipino. Ipinapakita nito na:

- Ang paggamit ng dalawang wika ay hindi na itinuturing na hadlang, kundi normal at natural na bahagi ng pang-araw-araw na komunikasyon.
- May kultural na pagkilala at pride sa pagkakaugnay ng sariling wika sa global na wika ng Ingles.

Halimbawa:
"Ako'y tagalupa pero tingin nila sa aking galawan ay alien."
(Mood – Al James)

VOLUME I, ISSUE III
ACADEMIC FRONTIERS
A Multidisciplinary E-Publication
Academic Frontiers
A Multidisciplinary e-Publication
Volume I, Issue III (July 2025), International Circulation
ISSN (Online) 3082-4400 ISSN (Print) 3082-5733
Published Online at *www. lakbaydiwapublishing.com*
Publisher: Lakbay-Diwa Publishing
DTI Business Reg. No. 6488937 / TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

Sa pahayag na ito, malinaw na inihahayag ang kontraste ng sariling pagkakakilanlan laban sa pananaw ng ibang tao. Ang pagsasanib ng Tagalog ("Ako'y tagalupa") at Ingles ("alien") ay may simbolikong gamit bilang representasyon ng hybrid na identidad ng kabataan.

3. Pragmatiko

Gamit ang code-switching, binibigyang-diin ng mga artist ang mahalagang bahagi ng kanta. May tatlong pangunahing pragmatikong layunin:

- Pambigay-diin: Ginagamit ang Ingles upang magmarka ng mga linya o mensahe na nais ipokus ng tagapakinig.
- Pagbabago ng tono: Lumilikha ito ng shift mula sa naratibo patungo sa dramatic o chorus na bahagi.
- Pagpapatingkad ng imahen: Iniuugnay ang kanta sa global na kulturang popular.

Halimbawa:
"When the night has come…"
(Banyo Queen – Andrew E.)

Ang paggamit ng buong sugnay na Ingles bilang pambungad sa chorus ay nagpapalakas ng dramatikong epekto at lumilikha ng pagbabagong tono na madaling tandaan.

4. Pampalawak ng Audience

Isa sa pinakamahalagang tungkulin ng code-switching ay ang pampalawak ng saklaw ng tagapakinig. Pinapadali nitong maunawaan ng mas malawak na grupo ng kabataang bihasa sa Filipino at Ingles ang kanta. Sa tulong nito:

- Nagiging mas relatable ang awitin sa audience na sanay sa bilingual na diskurso.
- Nadadagdagan ang "mainstream appeal" sa mga nakikinig sa digital platforms kung saan dominado ang wikang Ingles.

Ayon kina Villadarez (2021) at Rusli et al. (2018), ang ganitong estratehiya ay nakatutulong upang mapalapit ang kanta sa kultura ng kabataang millennial at Gen Z na likas na nasanay sa halong wika.

Talahanayan 3. Pagkakahati ng mga Tungkulin ng Code-Switching

Tungkulin	Paglalarawan
Emosyonal at Estilistiko	Pagpapalalim ng damdamin, pagbibigay-kulay sa liriko, at pagpapatampok ng personalidad ng rapper.
Representasyonal/Kultural	Pagpapakita ng bilinggwal na identidad at pagsasabuhay ng kontemporaryong kabataang kulturang Pilipino.
Pragmatiko	Pambigay-diin, pagbago ng tono, at pagbibigay-linaw sa sentral na mensahe ng kanta.
Pampalawak ng Audience	Pagiging inklusibo sa mas malawak na hanay ng tagapakinig at pagpapataas ng popularidad ng awitin.

Makikita sa ganitong paggamit ng code-switching na hindi ito simpleng palamuti ng wika. Ayon kay Myers-Scotton (2002), ang ganitong diskurso ay produkto ng motivated linguistic choices kung saan ang artist ay pumipili ng wika batay sa intensyon at target na epekto sa tagapakinig.

Sa kaso ng OPM rap songs, nagiging diskursibong larangan ang kanta na pinagdarausan ng interplay ng wika, kultura, at identidad. Kung titingnan mula sa pananaw ng teoryang kultural, ipinapakita nito na ang code-switching ay nagiging simbolo ng:

- Paninindigan sa makabagong kabataang kulturang Filipino.
- Pagkilala sa pagiging bahagi ng globalized na pamumuhay.
- Pagtanggap sa pagbabagong sosyal na nakaugat sa multilinggwalismo.

VOLUME I, ISSUE III
ACADEMIC FRONTIERS
A Multidisciplinary E-Publication
Academic Frontiers
A Multidisciplinary e-Publication
Volume I, Issue III (July 2025), International Circulation
ISSN (Online) 3082-4400 ISSN (Print) 3082-5733
Published Online at *www. lakbaydiwapublishing.com*
Publisher: Lakbay-Diwa Publishing
DTI Business Reg. No. 6488937 / TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

3.4 Mga Moralistikong Tema

Bagama't ang OPM rap ay karaniwang iniuugnay sa urban culture at makabagong estetikong anyo, hindi maikakaila na ang mga liriko nito ay nagsisilbing daluyan ng mga pagpapahalagang Pilipino. Ipinapakita ng pagsusuri na sa kabila ng kontemporaryong lengguwahe at istilo, malinaw na may moralistikong laman at mensahe ang maraming kanta. Makikita ito bilang salamin ng paniniwala, pananaw, at karanasang bumabalot sa kabataang Pilipino.

1. Pagmamahal at Katapatan

Makikita sa mga awitin tulad ng Fallin at Stupid Love ang tema ng wagas at tapat na pag-ibig, gayundin ang sakripisyo at kabiguan. Ang Fallin ay puno ng mga pahayag na naglalarawan ng damdaming hindi matitinag, sa kabila ng mga pagsubok:

"Laging iingatan at umasa ka na sa akin, 'di na papatak ang luha sa iyong mga mata."
(Fallin – Ex Battalion)

Ipinapakita rito ang paninindigan sa relasyon, isang pagpapahalaga na nakaugat sa tradisyong Pilipino ng katapatan sa iniibig. Sa kabilang banda, ang Stupid Love ay nagtatalakay sa madilim na bahagi ng pagmamahal: panlilinlang, sakit, at ang proseso ng pagbangon mula rito. Ang temang ito ay nagsisilbing paalaala ng kahalagahan ng dignidad at paggalang sa sarili, na pawang mga moral na aral.

2. Katatagan sa Pagsubok

Ang kantang We Made It ni Nik Makino ay tumatalakay sa kakayahang bumangon mula sa kahirapan at kabiguan. Ang mga liriko ay nagpapahiwatig ng pag-asa at determinasyong lampasan ang limitasyon:

"Tandang-tanda ko pa nung panahon ng tagtuyot... buti mas inugali ko pa ring pukpok ng pukpok."

Sa diskursong ito, ipinapakita ang moral na mensahe ng pagsisikap, tiyaga, at pagtitiyaga bilang sandigan ng tagumpay, na itinuturo sa kabataan bilang haligi ng integridad at pananampalataya sa sariling kakayahan.

3. Pagkilala sa Sarili at Kultura

Sa mga kantang Mood at Moon, masasalamin ang pride sa sariling identidad at aspirasyon.

Halimbawa, sa Mood ni Al James:
"Ako'y tagalupa pero tingin nila sa aking galawan ay alien."

Ipinapakita rito ang temang self-awareness at ang pagyakap sa sariling pinagmulan sa kabila ng modernong impluwensya. Ang Moon naman ay naglalahad ng ideya ng pag-angat sa buhay bilang kolektibong pangarap ng kabataan:

"Tara bumyahe pa-ulap... 'di na ako taghirap."

Ang ganitong liriko ay nagsisilbing paalaala sa kabataan na ang tagumpay ay bunga ng pagsusumikap na may paggalang sa sariling ugat at pinagmulan.

4. Pagtuligsa sa Negatibong Gawi

Hindi rin iniiwasan ng ilang kanta ang kritikal na pagtingin sa negatibong asal, gaya ng labis na materialismo at kawalan ng pagpapahalaga sa dignidad. Sa Binibirocha ni Andrew E., makikita ang ironikal na paglalarawan ng pabayang ugnayan at labis na pagkahumaling sa pisikal na aliw.

VOLUME I, ISSUE III
ACADEMIC FRONTIERS
A Multidisciplinary E-Publication
Academic Frontiers
A Multidisciplinary e-Publication
Volume I, Issue III (July 2025), International Circulation
ISSN (Online) 3082-4400 ISSN (Print) 3082-5733
Published Online at *www. lakbaydiwapublishing.com*
Publisher: Lakbay-Diwa Publishing
DTI Business Reg. No. 6488937 / TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

Gayundin sa Banyo Queen, ang liriko ay puno ng puna sa kawalan ng pananagutan at relasyon na nakabatay lamang sa pansamantalang pagnanasa:

"Walang-wala sa isip ko ang kanyang baywang... nang makita ko siya naka-underwear lang."

Ang ganitong tema ay may moral na implikasyon: pagkilala sa kahinaan ng tao at ang pangangailangang maging mapanuri sa sariling pag-uugali.

Talahanayan 4. Mga Temang Moralistiko sa Piling Kanta

Kanta	Mga Tema
Fallin	Pagmamahal, Katapatan
Stupid Love	Sakripisyo, Pananakit, Pagbangon
We Made It	Katatagan, Pag-asa
Mood	Identidad, Pangarap
Moon	Kultura, Aspirasyon
Binibirocha	Materialismo, Imoralidad
Banyo Queen	Pagtuligsa sa karahasan, Walang-responsableng relasyon

Makikita na ang mga temang ito ay hindi lamang simpleng dekorasyon sa awitin. Ayon kay Salimullah et al. (2023), ang musika ay may sikolohikal na kapangyarihan na magpakilos ng emosyon at makapagpaunlad ng moral na kamalayan. Sa konteksto ng kabataang Pilipino, ang mga OPM rap songs ay nagsisilbing:

- Plataporma ng pagbabahagi ng mga kolektibong karanasan (hal. pagsubok at tagumpay).
- Diskurso ng mga pagpapahalagang Pilipino (hal. katapatan, respeto sa sarili, aspirasyon).
- Babala sa panganib ng walang prinsipyong pamumuhay (hal. labis na materyalismo at kawalan ng pananagutan).

Gayundin, nakikita rito ang interseksyon ng kultura at moralidad—isang hybrid na diskursong umiikot sa tradisyunal na pagpapahalaga at kontemporaryong karanasan ng kabataan. Ang ganitong nilalaman ay nagiging makapangyarihang kasangkapan upang linangin ang *critical thinking* at moral discernment ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at Panitikan.

3.5 Pangkalahatang Interpretasyon

Batay sa kabuuang pagsusuri, malinaw na ang mga OPM rap songs ay hindi lamang simpleng midyum ng aliwan, kundi nagsisilbing multi-dimensional na larangan ng diskurso kung saan sabay-sabay na umuusbong ang emosyonal, kultural, lingguwistikong, at moral na kamalayan ng kabataan.

Makikita sa mga datos at analisis na ang code-switching, nilalaman ng mga liriko, at porma ng musikalidad ay nagtutulay sa pagitan ng tradisyunal at makabagong anyo ng komunikasyon, na may sumusunod na pangunahing implikasyon:

1. Daluyan ng Pagpapahayag ng Emosyon at Kultural na Identidad

Ang paggamit ng code-switching at makukulay na metapora ay nagpapakita na ang OPM rap ay nagsisilbing sentro ng emosyonal na paglalantad ng kabataan. Sa mga liriko, isinasalaysay nila ang kanilang:

- Personal na karanasan ng pag-ibig, kabiguan, at aspirasyon.
- Pag-angkat ng global cultural references (hal. slang, urban imagery) bilang bahagi ng kanilang self-expression.

Ito ay tumutugma sa pananaw nina Myers-Scotton (2002) at Villadarez (2021) na ang bilinggwal na komunikasyon sa musika ay isang representasyong kultural na pumapanday sa identidad ng kabataan sa konteksto ng globalisadong lipunan.

VOLUME I, ISSUE III
ACADEMIC FRONTIERS
A Multidisciplinary E-Publication
Academic Frontiers
A Multidisciplinary e-Publication
Volume I, Issue III (July 2025), International Circulation
ISSN (Online) 3082-4400 ISSN (Print) 3082-5733
Published Online at *www. lakbaydiwapublishing.com*
Publisher: Lakbay-Diwa Publishing
DTI Business Reg. No. 6488937 / TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

2. Instrumento ng Pagpapalawak ng Komunikasyon at Diskurso

Lumilitaw rin na ang OPM rap ay epektibong lingguwistikong tulay sa pagitan ng mga kabataang may magkaibang antas ng kasanayan sa Filipino at Ingles. Pinapadali ng code-switching ang:

- Mas inklusibong pag-unawa sa mensahe.
- Pagbuo ng koneksyon sa magkakaibang audience sa social media at streaming platforms.

Sa ganitong paraan, ang musika ay nagsisilbing pragmatikong instrumento ng komunikasyon, na ayon kay Sert (2005) ay isang mabisang paraan upang maipaabot ang mga kaisipan at damdamin sa multilinggwal na komunidad.

3. Lunsaran ng Moralistikong Diskurso

Hindi matatawaran ang presensiya ng mga moral na tema na inilalatag ng mga kanta. Kabilang dito ang:

- Pagtuturo ng katatagan (hal. We Made It).
- Pagpapahalaga sa dignidad (hal. Stupid Love).
- Kritikal na pagtingin sa materialismo (hal. Binibirocha).
- Pagpapakita ng aspirasyon at self-worth (hal. Mood, Moon).

Ang mga elementong ito ay nagpapatunay na ang OPM rap ay hindi lamang nilalayong maghatid-aliw, kundi nagsisilbi ring salamin ng panlipunang realidad at moral na aral. Ayon kina Salimullah et al. (2023), ang ganitong anyo ng sining ay may potensyal bilang transformative pedagogy sa mga kabataan.

4. Patunay ng Pag-angkop sa Globalisadong Wika at Kultura

Makikita na sa pamamagitan ng masinop na paggamit ng bilinggwalismo, ang mga artist ay:

- Nakikibahagi sa global hip-hop culture habang pinananatili ang sariling tinig.
- Nagtatampok ng hybrid identity—isang uri ng identidad na hindi lubos na Kanluranin ngunit hindi rin lubos na tradisyunal.
- Lumilikha ng bagong anyo ng kontemporaryong Pilipinong panitikan, na nakaangkla sa digital at transnasyonal na espasyo.

Ipinapakita nito na ang kabataang Pilipino ay aktibong:

- Nakikibagay sa pandaigdigang wika at impluwensya.
- Hindi rin bumibitaw sa sariling kultura at pananaw.
- Gumagamit ng musika bilang espasyo ng self-assertion at kultural na pagkilala.

4.0 Konklusyon

Batay sa masusing pagsusuri ng labinlimang (15) piling OPM rap songs, malinaw na ang code-switching ay hindi lamang teknikal na elemento ng wika kundi isang diskursibong pahayag na nakaugat sa kultural, emosyonal, at moral na realidad ng kabataang Pilipino. Ang sumusunod ay mga pangunahing kongklusyon na nabuod mula sa datos, obserbasyon, at interpretasyon:

4.1 Code-switching bilang Likás na Bahagi ng Komunikasyong Kabataan

Lumilitaw na ang paggamit ng code-switching ay:

- Natural at sistematiko, partikular sa mga urban na konteksto.
- Sumasalamin sa lingguwistikong hybrid na paraan ng pakikipagtalastasan ng kabataang Pilipino na sabay na nalilinang sa wikang Filipino at Ingles.

Talahanayan 1. Buod ng Dalas ng Mga Uri ng Pagpapalit-Koda

Uri ng Pagpapalit-Koda	Kabuuang Bilang	Porsyento (%)
Intra-sentential Switching	243	90.67%
Inter-sentential Switching	17	6.34%
Tag-switching	8	2.99%
Kabuuan	268	100%

VOLUME I, ISSUE III
ACADEMIC FRONTIERS
A Multidisciplinary E-Publication
Academic Frontiers
A Multidisciplinary e-Publication
Volume I, Issue III (July 2025), International Circulation
ISSN (Online) 3082-4400 ISSN (Print) 3082-5733
Published Online at *www. lakbaydiwapublishing.com*
Publisher: Lakbay-Diwa Publishing
DTI Business Reg. No. 6488937 / TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

Makikita sa talahanayan na ang intra-sentential switching ang pinakamadalas, na tumutukoy sa pagsasanib ng Ingles sa loob mismo ng mga pahayag sa Filipino. Ang ganitong paraan ng pagsasalita at pagsulat ay itinuturing ni Bautista (2004) bilang marker ng modernong identidad.

4.2 Code-switching bilang Estilistikong at Pragmatikong Estratehiya

Ayon sa mga naitalang insidente at mga halimbawa ng liriko:

- Ang code-switching ay sinadyang estratehiya upang:
  - Magbigay-diin sa mahahalagang mensahe.
  - Magpatingkad sa ekspresyon ng damdamin.
  - Lumikha ng hip-hop authenticity.

Talahanayan 2. Mga Tungkulin ng Code-switching

Tungkulin	Paglalarawan
Emosyonal at Estilistiko	Nagpapalalim ng damdamin at estetikong bisa ng kanta.
Representasyonal/Kultural	Nagpapakita ng hybrid na identidad at kultural na ugnayan.
Pragmatiko	Nagbibigay-diin sa mga ideya at lumilikha ng pagbabagong tono.
Pampalawak ng Audience	Nagiging tulay sa mas maraming kabataang tagapakinig.

Ipinapakita nito na ang code-switching ay hindi simpleng pagkahalo ng wika, kundi diskursibong pagpili na may malinaw na layunin at epekto.

4.3 Ang OPM Rap Bilang Daluyan ng Moralistikong Tema

Kahit moderno at urban ang istilo ng OPM rap, hindi maikakaila ang presensiya ng mga moralistikong tema tulad ng:

- Pagmamahal at katapatan (Fallin, Stupid Love)
- Katatagan sa hirap (We Made It)
- Pagkilala sa sarili at kultura (Mood, Moon)
- Pagtuligsa sa negatibong gawi (Binibirocha, Banyo Queen)

Talahanayan 3. Mga Temang Moralistikong Inilahad

Kanta	Mga Tema
Fallin	Pagmamahal, Katapatan
Stupid Love	Sakripisyo, Pananakit, Pagbangon
We Made It	Katatagan, Pag-asa
Mood	Identidad, Pangarap
Moon	Kultura, Aspirasyon
Binibirocha	Materialismo, Imoralidad
Banyo Queen	Pagtuligsa sa karahasan, Walang-responsableng relasyon

Makikita sa datos na ang mga moralistikong paksang ito ay nagbibigay-daan sa mga tagapakinig na:

- Magnilay sa sariling pananaw at ugali.
- Maging mapanuri sa mga impluwensiyang sosyal.
- Bumuo ng matibay na moral na paninindigan.

4.4 Pagbubuo ng Identidad at Panlipunang Diskurso

Sa kabuuan, ang OPM rap ay nagsisilbing plataporma ng pagbubuo ng identidad at diskurso ng kabataan. Ang sabayang paggamit ng Filipino at Ingles ay:

- Nagpapatibay sa kultural na hybridiidad.
- Nagpapalakas sa damdamin ng pagiging bahagi ng pandaigdigang kabataang kultura.

VOLUME I, ISSUE III
ACADEMIC FRONTIERS
A Multidisciplinary E-Publication
Academic Frontiers
A Multidisciplinary e-Publication
Volume I, Issue III (July 2025), International Circulation
ISSN (Online) 3082-4400 ISSN (Print) 3082-5733
Published Online at *www. lakbaydiwapublishing.com*
Publisher: Lakbay-Diwa Publishing
DTI Business Reg. No. 6488937 / TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

- Naglalahad ng mga tema na may kaugnayan sa moralidad, aspirasyon, at kolektibong karanasan.

Ang mga awitin ay nagiging:

- Kasangkapan ng social commentary, na nagtutuligsa sa mga di kanais-nais na gawi.
- Daluyan ng aspirasyonal na diskurso, na nag-uudyok sa kabataan na mangarap at magsikap.

4.5 Impluwensiyang Pedagohikal at Kultural

Sa perspektiba ng edukasyon, malinaw na ang OPM rap ay may potensyal bilang:

- Makabuluhang materyal sa pagtuturo ng Filipino at Komunikasyon.
- Tekstong pampanitikan na nagbibigay-halaga sa moral na edukasyon.
- Inspirasyong kultural na nagtataas ng kamalayang lingguwistiko at pagpapahalaga sa sariling kultura.

Ayon kina Qing (2010) at Sert (2005), ang integrasyon ng code-switching sa edukasyonal na diskurso ay epektibong estratehiya upang mapalapit ang wika sa karanasan ng mag-aaral at mapalawak ang kanilang pananaw.

4.6 Pangkalahatang Sintesis

Sa huli, lumilitaw na ang OPM rap songs ay:

- Hindi lamang aliwan, kundi diskursibong espasyo ng emosyonal at moral na pagninilay
- Isang makapangyarihang kasangkapan sa pagtuturo ng wika at kultura, dahil sa natural na pagsasanib ng Filipino at Ingles.
- Patunay sa pag-usbong ng kontemporaryong hybrid identity ng kabataang Pilipino na may matibay na pagyakap sa sariling pinagmulan at kakayahang makibagay sa global na pamumuhay.

Talahanayan 4. Pangkalahatang Buod ng Konklusyon

Dimensiyon	Pangunahing Natuklasan
Lingguwistikong Estruktura	Dominanteng intra-sentential switching; sistematikong estratehiya sa liriko.
Diskursibong Tungkulin	Emosyonal, estilistiko, representasyonal, pragmatiko, at inklusibong komunikasyon.
Temang Moralistik	Pagmamahal, katapatan, katatagan, pagtuligsa sa imoralidad, at aspirasyon.
Panlipunang Impluwensiya	Pagpapahayag ng kolektibong karanasan at kritikal na pagninilay ng kabataan.
Pedagohikal na Potensyal	Makabuluhang sanggunian sa pagtuturo ng Filipino, Panitikan, at Edukasyong Moral.

5.0 Mga Ambag ng May-Akda

Ang pananaliksik na ito ay nagbigay ng mga sumusunod na makabuluhang ambag:

1. Empirikal na Datos sa Code-switching sa OPM Rap- Naglatag ang pag-aaral ng detalyado at sistematikong datos sa uri, dalas, at tungkulin ng *code-switching* sa labinlimang piling OPM rap songs. Pinayaman nito ang literatura ukol sa kontemporaryong bilinggwal na diskurso sa musika.
2. Pagsusuri ng Moralistikong Tema- Inilantad ng pananaliksik ang presensiya ng moralistikong tema—pagmamahal, katatagan, kritikal na pagtanaw sa materialismo—bilang bahagi ng liriko ng rap, na karaniwang itinuturing na "aliwan" lamang.
3. Panukalang Lunsaran sa Edukasyong Pangwika at Moral- Nagbigay ang pag-aaral ng argumento at halimbawa kung paano maaaring gamitin ang OPM rap bilang kasangkapan sa pagtuturo ng Filipino, Panitikan, at Edukasyong Pagpapakatao.
4. Pagpapalawak ng Diskurso sa Identidad ng Kabataan- Tumulong ito sa mas malalim na pag-unawa sa pagbubuo ng kultural at lingguwistikong identidad ng kabataang Pilipino sa konteksto ng globalisadong kultura.

VOLUME I, ISSUE III
ACADEMIC FRONTIERS
A Multidisciplinary E-Publication
Academic Frontiers
A Multidisciplinary e-Publication
Volume I, Issue III (July 2025), International Circulation
ISSN (Online) 3082-4400 ISSN (Print) 3082-5733
Published Online at *www. lakbaydiwapublishing.com*
Publisher: Lakbay-Diwa Publishing
DTI Business Reg. No. 6488937 / TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

6.0 Pagpopondo

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa nang walang tinanggap na anumang uri ng pondong pinansyal mula sa gobyerno, pribadong institusyon, o komersiyal na entidad. Lahat ng gastusin ay personal na sinagutan ng may-akda.

7.0 Pahayag ng Salungat na Interes

Ipinapahayag ng may-akda na walang salungat na interes na maaaring makaapekto sa disenyo, pagsusuri, interpretasyon, at publikasyon ng pananaliksik na ito.

8.0 Pasasalamat

Ang may-akda ay taos-pusong nagpapasalamat sa mga sumusunod:

- Sa Surigao del Norte State University Graduate School, sa pagbibigay ng plataporma para sa pananaliksik.
- Kay G. Denzel Mark A. Ciruela, sa matiyagang paggabay at masusing puna na nagtulak sa mataas na kalidad ng gawaing ito.
- Sa Lupon ng Tagasuri: Dr. Eliza E. Bayang, Dr. Merlyn L. Estoque, G. Pilmore M. Causing, at Bb. Shella Torralba, sa kanilang mahahalagang rekomendasyon.
- Sa aking mga magulang, kapatid, at pamilya, na naging inspirasyon at lakas sa bawat hakbang ng pagsulat.
- Sa mga estudyante at kabataang tagapakinig na nagbahagi ng pananaw tungkol sa OPM rap, na nagpayaman sa diskusyon ng pag-aaral.

9.0 Sanggunian

Appel, R., & Muysken, P. (2006). *Language Contact and Bilingualism*. Amsterdam: Amsterdam University Press.

Bautista, M. L. S. (2004). Tagalog-English code-switching as a mode of discourse. *Asia Pacific Education Review*, 5(2), 226–233.

Bernardo, A. B. I. (2005). Bilingual code-switching as a resource for learning and teaching: Alternative reflections on the language and education issue in the Philippines. *Lingua Franca*, 1(1), 21–34.

Gardner-Chloros, P. (2009). *Code-Switching*. Cambridge: Cambridge University Press.

Hsieh, H. F., & Shannon, S. E. (2005). Three approaches to qualitative content analysis. *Qualitative Health Research*, 15(9), 1277–1288. https://doi.org/10.1177/1049732305276687

Myers-Scotton, C. (2002). *Contact Linguistics: Bilingual Encounters and Grammatical Outcomes*. Oxford: Oxford University Press.

Qing, L. (2010). Functions of code-switching in EFL classroom. *Cross-Cultural Communication*, 6(4), 105–111.

Rusli, N. I., Abdul Latiff, N. R., & Ismail, A. (2018). Code-switching in lyrics: A study of selected Malaysian songs. *International Journal of Academic Research in Business and Social Sciences*, 8(6), 595–607. https://doi.org/10.6007/IJARBSS/v8-i6/4287

Salimullah, M., Rahman, M., & Rahman, S. (2023). Music as a psychological and moral tool: A critical analysis of contemporary youth music. *Journal of Cultural Studies*, 12(1), 44–58.

Sanchez Gonzales, R. (2020). Rap Music in the Philippines: From subculture to mainstream. *Asian Popular Culture Journal*, 7(3), 50–69.

Sert, O. (2005). The functions of code-switching in ELT classrooms. *The Internet TESL Journal*, 11(8). http://iteslj.org/Articles/Sert-CodeSwitching.html

Shang, Y. (2019). Popular music as cultural discourse: The role of lyrics in constructing identity. *Journal of Modern Communication*, 4(1), 1–9.

Villadarez, E. (2021). The functions of code-switching in contemporary Filipino rap. *Philippine Journal of Linguistics*, 52(2), 145–168.

VOLUME I, ISSUE III

ACADEMIC FRONTIERS
A Multidisciplinary E-Publication

Academic Frontiers
A Multidisciplinary e-Publication
Volume I, Issue III (July 2025), International Circulation
ISSN (Online) 3082-4400 ISSN (Print) 3082-5733
Published Online at *www. lakbaydiwapublishing.com*
Publisher: Lakbay-Diwa Publishing
DTI Business Reg. No. 6488937 / TIN 492-741-614
lakbaydiwapublishing@gmail.com
Butuan City, Philippines
+639543906965

DOI 10.5281/zenodo.15872959

Lakbay-Diwa Publishing
*International/National Level *With ISSN